**MGA SUSING PANGUNGUSAP PARA SA 2021 THANKSGIVING DAY CONFERENCE**

**Ang mamuhay sa Dibinong Trinidad ay ang manahan Kanya,
ang manatili sa Kanya, ang manirahan sa Kanya bilang ating tahanan;
ang mamuhay kasama ang Dibinong Trinidad ay ang manahan Siya sa atin upang
mataglay natin ang Kanyang presensiya, ang Kanyang persona, para sa ating pagtatamasa.**

**Ang mamuhay kasama ang Dibinong Trinidad ay ang taglayin ang nabuhay na muling Kristo na mamuhay sa loob natin; ang pagkabuhay na muli ay nangangahulugan na ang lahat ng bagay ay sa Diyos at hind isa atin, na ang Diyos lamang ang may kakayahan at hindi natin kaya,
at na ang lahat ng bagay ay ginawa ng Diyos, hindi ng ating sarili.**

**Makapamumuhay tayo kasama ang Dibinong Trinidad
sa pamamagitan ng masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo—ang Espiritu
ng nagdurusang Hesus at nabuhay na muling Kristo—na nagbibigay-
kakayahan sa ating ipamuhay si Kristo at dakilain si Kristo sa lahat ng kalagayan.**

**Ang karanasan at pagtatamasa sa Dibinong Trinidad nang lubusan—
nakikibahagi sa pag-ibig ng Diyos, sa biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo,
at sa salamuha ng Espiritu Santo—ay napasusukdol ng Isa na ngayon, na noon,
at na darating, sa pamamagitan ng pitong Espiritu, at sa pamamagitan ni Hesu-Kristo, ang tapat na Saksi, ang Panganay sa mga patay, at ang Pinuno ng mga hari sa lupa.**

*© 2021 Living Stream Ministry*

**Balangkas ng mga Mensahe**
**para sa Thanksgiving Day Conference**
**Nobyembre 25-28, 2021**

## PANGKALAHATANG PAKSA: NAMUMUHAY SA LOOB AT KASAMA ANG DIBINONG TRINIDAD

Mensahe Isa

## And Dibinong Ekonomiya kalakip ang Dibinong Pamamahagi ng Dibinong Trinidad sa Dibinong Pagkilos at sa Ating Karanasan

Babasahin sa Kasulatan: 1 Tim. 1:3-5; Juan 4:14b; Mat. 1:18, 20-21, 23; 3:16-17; 6:9-10, 13; 12:28; 28:19

**I. Kailangan nating makita na ang sentrong bagay sa Biblia ay ang dibinong ekonomiya kalakip ang dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad tungo sa mga mananampalataya kay Kristo para sa pagtatayo ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo, na mapasusukdol sa Bagong Herusalem bilang walang hanggan, sama-samang kahayagan ng Tres-unong Diyos—1 Tim. 1:3-5; Efe. 3:14-21; 4:16; Apoc. 21:2, 10-11:**

A. Ang dibinong ekonomiya ay ang sambahayang administrasyon ng Diyos na ipamahagi ang Kanyang sarili sa Kanyang Dibinong Trinidad tungo sa Kanyang piniling bayan upang sila ay matransporma para sa pagbubunga ng ekklesia, na siyang Katawan ni Kristo, ang bahay ng Diyos, ang kaharian ng Diyos, at ang kapareha ni Kristo, ang sukdulang kabuoan ay ang Bagong Herusalem—1 Tim. 1:3-4; Juan 1:14, 29; Gawa 2:24; 1 Cor. 12:12-13; 15:45b; 1 Tim. 3:15; Apoc. 5:10; 21:2.

B. Lahat ng bagay na binanggit sa Bagong Tipan hinggil sa Diyos ay may kaugnayan sa dibinong pamamahagi para sa dibinong ekonomiya; ang pagsasakatuparan ng dibinong ekonomiya ay sa pamamagitan ng dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad—Roma 8:3, 11; Efe. 1:3-23; 2 Cor. 13:14; Efe. 3:14-21.

C. Isinulat ang buong Biblia ayon sa nagkokontrol na pangitain na isinasagawa ng Tres-unong Diyos ang Kanyang sarili tungo sa Kanyang pinili at tinubos na bayan upang maging kanilang buhay at panustos ng buhay nang sa gayon ay malaganapan ang kanilang buong katauhan ng Dibinong Trinidad, yaon ay, ng Ama bilang ang bukal, ng Anak bilang ang katabaan, at ng Espiritu bilang ang ilog—Awit 36:8-9.

D. Ang Tres-unong Diyos—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu—ay naproseso upang maging ang Espiritung nagbibigay-buhay nang sa gayon ay mainom natin Siya upang Siya ay maging ating katamasahan; ito ang dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad—Juan 1:14; 4:14; 7:37-39; 1 Cor. 12:13; 15:45b; 2 Cor. 13:14.

E. Kapag ininom natin ang buháy na tubig, ito sa loob natin ay nagiging "isang bukal ng tubig na bumubukal tungo sa buhay na walang hanggan" (Juan 4:14b); ang Ama bilang ang pinagmulan ay ang bukal, ang Anak bilang ang kahayagan ay ang batis, at ang Espiritu bilang ang naghahatid ay ang pagdaloy; ang pantukoy na *tungo sa* ay nangangahulugan ding "maging," at ang totalidad ng walang hanggang buhay ay ang Bagong Herusalem; kaya, ang padaloy ng Dibinong Trinidad sa loob natin

at mula sa atin ay magreresulta sa ating pagiging naging ang Bagong Herusalem (7:37-39; Awit 46:4; Apoc. 22:1-2; 7:17; 21:6; 22:17).

**II. Batay sa nagkokontrol na pangitain ng dibinong ekonomiya na may dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad, makikita natin ang Dibinong Trinidad sa dibinong pagkilos at sa ating karanasan sa aklat ng Mateo:**

A. Sa Mateo 1 ang Espiritu Santo (bb. 18, 20), si Kristo (ang Anak—b. 18), at ang Diyos (ang Ama—b. 23) ay naroon para sa pagbubunga ng taong si Hesus (b. 21), na, bilang si Jehovah na Tagapagligtas at Diyos na sumasaatin, ay ang mismong pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos:

1. Inihahayag ng Mateo 1:20 at 21 ang dibinong paglilihi ng Espiritu Santo at ang kapanganakan ni Hesus (ang Anak); pagkatapos ay sinasabi sa atin ng bersikulo 23 na ang Isang ito ay tinawag ng mga tao na Emmanuel, na nangangahulugang "ang Diyos (Diyos Ama) ay sumasaatin."
2. Ang pagiging kasama natin ang Diyos Ama ay ang kinalabasan ng dibinong paglilihi ng Espiritu Santo at ng kapanganakan ni Hesus, ang Anak—cf. Luc. 1:35.

B. Sa Mateo 3 ang Anak ay nakatayo sa tubig ng bautismo sa ilalim ng bukas na kalangitan, ang Espiritu gaya ng isang kalapati ay dumapo sa Anak, at ang Ama ay nagsalita sa Anak mula sa kalangitan—bb. 16-17:

1. Ang Panginoong Hesus ay isinilang ng Espiritu (Luc. 1:35), tinataglay ang Espiritu ng Diyos sa loob Niya sa pang-esensiya para sa Kanyang pagsilang; pagkatapos, para sa Kanyang ministeryo, ang Espiritu ng Diyos ay dumapo sa Kanya sa pang-ekonomiya upang pahiran Siya bilang ang bagong Hari at ipakilala Siya sa Kanyang bayan—Isa. 61:1; 42:1; Awit 45:7.
2. Ang pagiging nabautismuhan ng Panginoon upang tuparin ang katuwiran ng Diyos at upang ilagay sa kamatayan at pagkabuhay na muli ay nagbigay sa Kanya ng tatlong bagay: bukas na kalangitan, pagdapo ng Espiritu ng Diyos, at pagsasalita ng Ama; ito ay pareho rin sa atin ngayon para sa pagsasakatuparan ng ekonomiya ng Diyos—Mat. 3:16-17.
3. Sa pamamagitan ng pagdapo sa Kanya ng Espiritu ng Diyos gaya ng isang kalapati, ang Panginoong Hesus ay nagministeryo sa kahinahunan at katapatan, nakatuon lamang sa kalooban ng Diyos; ang pagdapo ng Espiritu ay ang pagpapahid kay Kristo, samantalang ang pagsasalita ng Ama ay isang patotoo sa Kanya bilang ang sinisintang Anak.

C. Ang panalangin sa Mateo 6 na itinuro ng Panginoon sa atin na ipanalangin ay nagsisimula sa Tres-unong Diyos, sa pagkakasunod-sunod ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu (bb. 9-10), at nagtatapos din sa Tres-unong Diyos, subalit sa pagkakasunod-sunod ng Anak, ng Espiritu, at ng Ama (b. 13); ang manalangin sa ganitong paraan ay ang manalangin na ang Tres-unong Diyos ay manaig sa lupa gaya ng Siya ay nananaig sa kalangitan:

1. Tinuturuan ng Panginoon sa Mateo 6:9-10 ang mga mananampalataya na manalangin sa pamamagitan ng paghahayag ng tatlong pananaing, na ipinahihiwatig ang Trinidad ng pagka-Diyos: "Pabanalin ang Iyong pangalan" ay pangunahing kaugnay sa Ama; "Dumating ang Iyong kaharian," sa Anak; at "Mangyari ang Iyong kalooban," sa Espiritu:

a. Upang mapabanal ang Kanyang pangalan, dapat natin Siyang ihayag sa ating pamumuhay sa pamamagitan ng araw-araw na buhay na hiwalay tungo sa Diyos at nalaganapan ng Diyos—1 Ped. 1:15-17; 2 Ped. 1:4; cf. Isa. 11:2.
b. Upang dumating ang kaharian ng Diyos, kailangan tayong mamuhay ng isang buhay ng katuwiran, kapayapaan, at kagalakan sa Espiritu Santo—Roma 14:17.
c. Ang dibinong kalooban na mangyari sa lupa ay ang dalhin ang makalangit na pamumuno, ang kaharian ng kalangitan, sa lupang ito—cf. Mat. 8:9a.
d. Ito ay natutupad sa kapanahunang ito, at sukdulan itong matutupad sa darating na kapanahunan ng kaharian, kung kailan ang pangalan ng Diyos ay magiging ekselente sa buong lupa (Awit 8:1), ang kaharian ng sanlibutan ay magiging kaharian ni Kristo (Apoc. 11:15), at ang kalooban ng Diyos ay maisasakatuparan.

2. Ang tularan ng panalangin ng Panginoon ay nagtatapos sa pagsasabing, "Sapagkat sa Iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kaluwalhatian magpakailanman. Amen"—Mat. 6:13:
a. Ang kaharian ay sa Anak at siyang kinasasaklawan kung saan ineensayo ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan; ang kapangyarihan ay sa Espiritu at isinasagawa ang intensyon ng Diyos upang maihayag ng Ama ang Kanyang kaluwalhatian.
b. Kaya, ang panalangin na itinuro ng Panginoon sa Kanyang pinakamataas na pagtuturo ay nagsisimula sa Diyos Ama at nagtatapos din sa Diyos Ama, na siyang pasimula at katapusan, ang Alpha at ang Omega, upang ang Diyos Ama ay maging ang lahat sa lahat—1 Cor. 15:28.

D. Sa Mateo 12 ang Anak, sa persona ng isang tao, ay nagpalayas ng mga demonyo sa pamamagitan ng Espiritu upang ipasok ang kaharian ng Diyos Ama—b. 28:
1. Ang paraan ng pagpapalayas Niya ng mga demonyo, sa pamamagitan ng Isa pa at para sa Isa pa, ay nagpapakita na hindi Siya kumilos nang pang-indibidwal kundi nang may kapakumbabaan at di-makasarili.
2. Ang Anak bilang ang sentro ng Dibinong Trinidad ay lubusang hindi sa pamamagitan ng Kanyang sarili, para sa Kanyang sarili, o sa Kanyang sarili; anumang ginawa Niya ay sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos at para sa kaharian ng Diyos Ama.
3. Hindi gumawa ng anuman ang Anak sa pamamagitan ng Kanyang sarili o para sa Kanyang sarili; makikita natin dito ang Kanyang kapakumbabaan at pagiging di-makasarili; ipinakikita rin nito sa atin ang harmonya, kagandahan, at pagiging ekselente sa Dibinong Trinidad.
4. Ang pagkilos ng Dibinong Trinidad na may dibinong koordinasyon sa Mateo 12:28 ay isang ekselente at magandang halimbawa upang ating sundan; ito ay isang mabuting tularan na itinalaga ng ating Ulo para sa ating koordinasyon bilang mga sangkap ng Kanyang Katawan:
a. Ngayon sa buhay-ekklesia, ang Katawan ni Kristo ay hindi pa sapat na naitayo dahil sa kakulangan ng wastong koordinasyon.
b. Maaaring gumagawa tayo ng isang bagay ayon sa kalooban ng Diyos, subalit ano man ang ginagawa natin ay hindi dapat sa pamamagitan ng ating sarili kundi sa pamamagitan ng iba; higit pa rito, ano man ang

ginagawa natin ay hindi dapat para sa ating sarili bilang benepisyaryo kundi para sa interes, sa karapatan, ng Diyos sa lupang ito.

E. Sa Mateo 28, pagkatapos dumaan ni Kristo bilang ang huling Adam (1 Cor. 15:45b) sa proseso ng pagkapako sa krus, pumasok sa kinasasaklawan ng pagkabuhay na muli, at naging Espiritung nagbibigay, bumalik Siya sa Kanyang mga disipulo sa atmospero at realidad ng Kanyang pagkabuhay na muli upang atasan sila na gawin ang mga bansa na mga tao ng kaharian sa pamamagitan ng pagbabautismo sa kanila tungo sa pangalan, persona, realidad, ng Dibinong Trinidad—Mat.28:19:
   1. Ang pagiging sentro ni Kristo sa naprosesong Tres-unong Diyos ay upang bautismuhan ng mga disipulo ang mga tao tungo sa naprosesong Tres-unong Diyos sa pamamagitan ng pagbabautismo sa kanila tungo sa Kanya—Gawa 8:16; 19:5; Gal. 3:27; Roma 6:3-4; 1 Cor. 12:13.
   2. Ang bautismuhan ang mga tao tungo sa pangalan ng Tres-unong Diyos ay ang dalhin sila sa isang organiko, espiritwal, at mistikong pakikipag-isa sa Kanya.
   3. Ang isang pangalan para sa Dibinong Trinidad ay ang kabuoan ng Dibinong Diyos, katumbas sa Kanyang persona; ang bautismuhan ang isang tao tungo sa pangalan ng Tres-unong Diyos ay ang ilubog siya sa lahat ng kung ano ang Tres-unong Diyos.

**III. Kailangan tayong manalangin na gabayan tayo ng Espiritu ng realidad tungo sa lahat ng realidad ng dibinong ekonomiya na may dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad sa dibinong pagkilos at sa ating karanasan; kailangan tayong maging mga yaong namumuhay sa loob at kasama ang Dibinong Trinidad, tinataglay Siya bilang ang mismong substansya at elemento ng ating pamumuhay—Juan 16:13; 15:4-5.**

*© 2021 Living Stream Ministry*